SFMTA

# Kasalukuyan ka bang nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa San Francisco? Mayroon ka bang mga ticket o singil sa pag-tow ng sasakyan na hindi mo nababayaran?

***Maaari kang makipagtulungan sa anumang Naka-coordinate na Entry Access Point para mag-apply para sa mga sumusunod na diskwento sa SFMTA:***

## Mga Ticket sa Paradahan

Mayroon kang **3 opsyon** para tugunan ang mga ticket sa paradahan*

**Opsyon 1: Isang beses lang na libreng pag-alis** ng lahat ng hindi pa nababayarang ticket sa paradahan sa isang sasakyan

**Opsyon 2: Isang beses lang na pagtanggap ng mga serbisyong panlipunan** sa halip na magbayad ng mga ticket sa paradahan

**Opsyon 3: Alisin ang mga multa sa mga nahuling pagbabayad** sa mga ticket sa paradahan ng isang sasakyan anumang oras

*** Dapat na ikaw ang rehistradong may-ari ng sasakyan para makagamit ng mga waiver sa ticket sa paradahan at pag-tow.**

## Mga Singil sa Pag-tow ng Sasakyan

**Isang beses lang na LIBRENG pag-alis** ng lahat ng singil sa pag-tow ng sasakyan at 30 araw ng mga bayarin sa pag-imbak*

## Libreng Pagsakay sa Muni

**Sumakay sa Muni nang LIBRE** gamit ang Access Pass

## Mga Ticket sa Hindi Pagbabayad ng Pamasahe

**I-dismiss ang iyong mga ticket sa hindi pagbabayad ng pamasahe** anumang oras

## Mga Ticket dahil sa Paglabag sa Limitasyon sa Bilis na Nakunan ng Camera

**Mga diskwento para sa mga ticket dahil sa paglabag sa limitasyon sa bilis na nakunan ng camera** anumang oras

## 1 UNANG HAKBANG - Tukuyin kung kwalipikado ka para sa mga diskwento ng SFMTA

Kwalipikado ka para sa mga diskwento ng SFMTA kung:

**1. Kasalukuyan kang nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa San Francisco.**

**AT**

**2. Nakumpleto mo ang Naka-coordinate na Entry Assessment sa loob ng nakaraang 6 na buwan.**

Tumutulong ang mga Naka-coordinate na Entry Access Point sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan. Tatalakayin ng tauhan kung paano makakakuha ng mga diskwento ng SFMTA.
**Mangyaring tumawag o bumisita sa isang Naka-coordinate na Entry Access Point para kumpirmahin ang iyong pagiging kwalipikado. Nasa likod ng flyer na ito ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga Naka-coordinate na Entry Access Point.**

## 2 IKALAWANG HAKBANG - Mag-apply para sa mga diskwento ng SFMTA

**Maaari kang mag-apply para sa mga diskwento na ito online, nang personal, o sa pamamagitan ng mail.** Para mag-apply nang personal, bisitahin ang **Sentro ng Serbisyo para sa Customer ng SFMTA sa 11 Van Ness Avenue (bukas Lunes - Biyernes mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.)**. Tandaan: Sasailalim ang mga taong naghahanap ng waiver ng $5,000+ sa mga ticket sa paradahan sa karagdagang beripikasyon at hanggang 10 araw na pagkaantala.
Kung na-tow ang iyong sasakyan, pumunta sa **City and County of San Francisco Impound sa 450 7th Street (bukas 24/7)**. Para matuto pa at mag-apply, pumunta sa sfmta.com/IncomeDiscounts o tumawag sa 311.

**Kung hindi ka nakakaranas ng kawalan ng tirahan pero may mababang kita, maaari kang maging kwalipikado para sa iba pang diskwento sa SFMTA.**
Matuto pa sa pamamagitan ng pagtawag sa 311 o pumunta sa sfmta.com/IncomeDiscounts

## MGA NUMERO NG TELEPONO AT LOKASYON NG NAKA-COORDINATE NA ENTRY ACCESS POINT

Kwalipikado ka para sa mga diskwento ng SFMTA para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan kung:

**1. Kasalukuyan kang nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa San Francisco,**

**AT**

**2. Nakumpleto mo ang Naka-coordinate na Entry Assessment sa loob ng nakaraang 6 na buwan.**

**I-scan para tingnan ang mga kasalukuyang Access Point**

Tumutulong ang mga Naka-coordinate na Entry Access Point sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan. Tatalakayin ng tauhan ng naka-coordinate na Entry Access Point kung paano makakakuha ng mga diskwento ng SFMTA. **Mangyaring tumawag o bumisita sa isang Naka-coordinate na Entry Access Point para kumpirmahin ang iyong pagiging kwalipikado.** Mangyaring tandaan: Sarado tuwing Sabado at Linggo ang mga Naka-coordinate na Entry Access Point.

**Para sa mga kasalukuyang lokasyon at oras, bisitahin ang:** tinyURL.com/CEAccessPoints

### MGA NASA HUSTONG GULANG:

**Episcopal Community Services**
123 10th Street (sa Mission)
415-487-3300 x7000

**SF Pretrial Diversion Project**
**Para lang sa mga taong Nasangkot sa Kaso o Proseso ng Hustisya**
1200 Folsom St.
415-522-7592

**Mission Action/Dolores Street Community Services**
2645 Mission Street
415-857-7762

**Swords to Plowshares (Swords)**
**Para Lang sa mga Beterano**
1060 Howard Street (sa Russ)
415-727-VETS (8387)

### MGA PAMILYA NA MAY MGA MENOR DE EDAD NA ANAK:

**Bayview Access Point**
1641 LaSalle Avenue
415-430-6320

**Central City Access Point**
37 Grove Street
415-644-0151

**Mission Access Point**
2871 Mission Street
415-972-1281

### MGA KABATAANG NASA EDAD NA 27 PABABA:

**Larkin Street Engagement and Community Center**
134 Golden Gate Avenue
415-673-0911 x456

**LYRIC Center**
127 Collingwood Street
415-322-9048 (mas gusto ang pag-text) o
housingnavigation@lyric.org

**3rd Street Youth Center and Clinic**
5688 3rd Street at
800 Innes Avenue, Suite 12
415-713-5952

**Mission Action/Dolores Street Community Services**
2645 Mission Street
415-857-7762

**The SF LGBT Center**
1800 Market Street
415-865-5612

HSH DEPARTMENT OF HOMELESSNESS AND SUPPORTIVE HOUSING

THE FINANCIAL JUSTICE PROJECT SAN FRANCISCO